# 1

"Congratulations, Sgt. de Guia. Kung hindi dahil sa iyo at sa grupo mo ay nakalipad na patungo sa ibang bansa ang drug lord na si Mr. Lim," nasisiyahang bati ni Lt. Col. Romeo Ricarte kay Mae.

Si Sergeant Gladys Mae de Guia a.k.a. Agent XX8 ang nag-iisang anak ni Doña Mercedes, ang biyudang pinakasalan ni Don Leonardo Zulueta.

Tutol na tutol si Doña Mercedes nang magpaalam dito ang kaisa-isang anak na si Mae na gusto niyang maging pulis. May-kaya ang kanilang pamilya at kung tutuusin, hindi na niya kailangan pang magtrabaho. Ang mga negosyo ng kanilang pamilya ay sapat na para mabuhay siya nang maalwan. Bukod doon batid ng kanyang ina kung gaano kapeligroso ang buhay ng isang alagad ng batas, pero dahil pursigido ang dalaga ay hindi niya tinigilan ang ina hanggang sa mapapayag na niya ito.

Malakas ang loob ni Mae dahil alam niyang nasa likod niya ang kanyang Tito Leonardo. Dati itong chief of police bago ito nagretiro at dito niya nakuha ang hilig sa pagpupulis. Bata pa lang siya nang pumanaw ang kanyang ama. At mula nang

mag-asawa muli ang ina noong siya ay doce años pa lang, itinuring na niyang tunay na magulang si Don Leonardo.

Maging ang kanyang Ate Larissa ay sinuportahan ang kanyang ambisyon. Heto siya ngayon, gumagawa na rin ng pangalan bilang isang matapat at mahusay na alagad ng batas kahit pa nga siya ay isang babae.

Hindi birong pagsisikap ang ginawa niya upang marating lamang ang kanyang kinaroroonan ngayon. Marami ang nangingilag sa kanyang kakayahan. Kinatatakutan siya ng mga kriminal, subalit nirerespeto ng kanyang mga kapwa pulis. Lalo na marahil kapag nalaman ng lahat na si Sgt. de Guia at si Agent XX8 ay iisa.

Pinili ng dalaga na magtago sa isang alias upang mas makagalaw siya nang malaya. Sa ganoong paraan ay maisasakatuparan niya ang kanyang mga misyon nang walang naghihinala na isa siyang pulis.

At iyon din ang suhestyon ng superior niya na si Lt. Col. Ricarte upang mapangalagaan din ang kanyang kaligtasan.

"Thank you, Sir. Ginagawa ko lang ho ang lahat ng aking makakaya para ho sa kapakanan ng ating mga mamamayan lalo na ng mga kabataan. Kung

hindi natin nasugpo ang Chinese na iyon ay tiyak na marami pang tao ang mapeperwisyo ng illegal na negosyo ng grupo ni Mr. Lim."

"I know that, Sarhento. Kaya lang ay hindi pa ganap ang ating tagumpay dahil marami pa ring galamay ang Intsik-beho na iyon. At mag-iingat ka, Sarhento, dahil tiyak na pinag-iinitan na nila ngayon si Agent XX8. I'm sure na hindi titigil ang mga iyon hangga't hindi nila nalalaman kung sino ka ba talaga at kung paano sila makakaganti sa iyo.

"Oo nga't hindi nila alam na ang itinuturing nilang mahigpit na kalaban na si Sgt. de Guia at Agent XX8 ay iisa. Pero hindi tayo nakatitiyak sa maaari nilang gawin sa iyo kaya dapat ay lagi kang maging handa," dagdag pa ng superior.

"Huwag kayong mag-alala, Sir. Lagi naman ho akong nakahanda, eh. At ipinapangako ko, sampu ng aking mga kasamahan na hindi kami titigil hangga't hindi namin tuluyang nasusugpo ang Blue Marlin Gang."

Ang nabanggit na grupo ang isa sa pinakamalalaking sindikato na nag-o-operate sa bansa. Involved ang mga ito sa illegal transaction na may kinalaman sa lahat ng uri ng ipinagbabawal na gamot.

Kamakailan ay nagkaroon ng shipment ang grupong ito at dadalhin sana ang prohibited drugs sa isang sikat na restaurant sa Kamaynilaan, subalit napigil kaagad ang transaksyon ng biglaang pagdating ng mga alagad ng batas sa pamumuno ni Mae.

Pinalabas ng kanilang departamento na ang surveillance sa grupong ito ay pinangunahan ni Agent XX8. Ito rin di-umano ang nag-tip sa buong kapulisan at sa grupo ni Sgt. de Guia ng tungkol sa gaganaping bayaran ng mga kontrabando.

Walang kamalay-malay ang marami sa kanyang kasamahan tungkol sa tunay niyang pagkatao dahil iilan lamang ang nakakaalam ng kanyang sekreto.

Sa mismong bayaran, nang inaabot na ni Mr. Lim ang maleta na naglalaman ng libu-libong kilo ng marijuana at shabu ay maliksing nagsikilos ang mga kasamahan ni Mae kung kaya nahuli nila ang mga ito sa akto.

Nahuli si Mr. Lim, sampu ng mga dayuhang negosyante na regular nang katransaksyon nito.

Galit na galit ang mga ito kay Sgt. de Guia at sa mga kasamahan nito. Ipinaabot din ng Chinese ang pagkasuklam kay Agent XX8. Nakarating kasi rito na ang naturang agent ang nagturo sa grupo nito kay

Sgt. de Guia na siyang humuli sa kanila.

Anuman ang galit ni Mr. Lim ay wala na itong magagawa dahil malakas ang ebidensyang nakuha laban sa grupo nito. At iisa lamang ang kanilang tiyak na patutunguhan—ang kulungan.

Ang tagumpay na ito ng pangkat ni Mae ay lubos na ikinatuwa ng kanilang superior kaya isang pagbati at parangal ang ibinigay nito sa babaeng sarhento at sa mga kasamahan niya.

At iyon ang dahilan kung bakit naroroon ngayon ang dalaga sa opisina ni Lt. Col. Ricarte.

"O, paano ho, Sir? Mauuna na ho ako. Marahil ho ay nakaalis na ang ilang members sa grupo ko. Ipatawag ninyo na lang ho uli ako kung kinakailangan."

"Okay, de Guia. Mag-ingat ka… and again congratulations," nakangiting sabi nito pagkatapos nitong sumaludo sa kanya.

---

Paglabas ni Mae ng tanggapan ni Lt. Col. Ricarte ay sinalubong siya ni Dennis, isang miyembro ng kanyang pangkat na kasa-kasama niya kapag may operation silang gagawin.

"Nandito ka pa pala, Dennis. Akala ko, kanina

ka pa nakaalis," bati niya pagkatapos itong ngitian.

"Hinihintay talaga kita. Hindi pa kasi kita nababati sa tagumpay ng ating misyon. Tama si Colonel kanina, isa ka talagang asset ng ating buong sandatahan," buong pagmamalaking pahayag ng binata.

"Thank you, Dennis. Huwag mong kalilimutan na ang tagumpay ko ay tagumpay ninyo rin. Kung wala kayo doon ay hindi ko rin marahil magagampanan nang buong husay ang tungkuling iniatang ni Colonel sa akin."

"Salamat, Sarhento. Pero alam mo, dapat ay ibayong pag-iingat ang ating gagawin dahil hindi natin alam kung ano ang pinaplano ngayon ng ating mga kalaban. Hindi kasi maitatanggi na para silang naputulan ng pakpak ngayong nakakulong na si Mr. Lim."

"Dennis, sa trabaho nating ito ay alam kong laging nasa panganib ang ating buhay, pero naniniwala pa rin ako na hangga't hindi pa natin oras ay malalagpasan natin lahat iyan lalo't nasa likod natin lagi ang Diyos. Hindi ba't kapag oras mo na ay wala ka na talagang magagawa kahit pa nga nasa loob ka ng iyong sariling tahanan?"

"'Sabagay ay tama ka riyan, Mae. Kaya lang ay hindi mo maaalis sa akin ang mag-alala para sa iyo. Alam mo namang mahalaga ka sa akin kaya hindi ko kakayanin kapag may masamang nangyari sa iyo," madamdaming sabi ni Dennis.

Mae felt uncomfortable dahil sa sinabi ng kaharap. Matagal nang nagpahiwatig ang binata ng tunay nitong nararamdaman, pero para sa kanya ay trabaho lamang at walang halong personal na damdamin ang puwede niyang ibigay kay Dennis.

"Salamat sa pag-aalala, Dennis." Tinapik niya ito sa balikat bilang pamamaalam. Sabay silang lumabas ng headquarters.

Pagdating sa parking lot ay naghiwalay na sila upang lumulan na sa kani-kanilang sasakyan. Ang iba pa nilang mga kasamahan ay nauna nang umalis.

Habang naglalakbay pauwi ay napailing ang dalaga. Tinapat na niya si Dennis noong huli itong bumisita sa bahay nila para manligaw.

*"Sana'y maunawaan mo ako, Dennis, pero para sa akin ay talagang kaibigan lamang ang turing ko sa iyo. Kung hihiling ka nang higit pa roon ay hindi ko maibibigay."*

*"Nauunawaan kita, Mae. Pero huwag mo naman*

*akong pagbawalan sa aking nararamdaman para sa iyo. Hangga't wala ka pang minamahal na iba ay nakahanda akong maghintay. Umaasa akong sa katagalan ay magkakaroon din ng katugon ang aking iniluluhog sa iyo."*

Kaya naman wala nang nagawa si Mae kundi pagbigyan ang binata sa hinihiling nito. Pero hindi niya maiwasan na mailang sa tuwing babanggitin nito ang tungkol sa damdamin nito para sa kanya.

Isa pa ay naipangako na niya sa sarili na kahit kailan ay hindi siya maaapektuhan ng mga kalahi ni Adan. Para sa kanya, maraming importanteng bagay na dapat pagtuunan ng pansin bukod sa pag-ibig at mga lalaki. Ang kanyang isip ay nasa kanyang profession bilang pulis.

O siguro wala pa lang siyang nakikilalang lalaki na lubos na nagustuhan niya.

*Ows?* anang isang panig ng isip niya. At bigla, pumasok sa isip niya ang mukha ng isang lalaki na nakilala niya noong kasal ng kanyang Ate Larissa kay Bryan Joseph Veneracion.

Hindi niya aaminin kahit sa sarili na may malakas na attraction siyang nadama para sa bunsong kapatid ng bayaw niyang si BJ. Iyon ay sa kabila ng kanyang

galit dito dahil sa ginawa nitong kapangahasan sa kanya.

Hindi tuloy napigilan ng dalaga na maalala ang insidente sa pagitan nilang dalawa ng lalaking isinumpa niyang ituturing na mortal na kaaway….

---

*"Wow, Mae! You look very lovely in that gown. It gave you an aura of sophistication. I'm sure na maraming guests na guwapo ang hahanga sa iyo," napapalatak na sabi ng ikakasal niyang stepsister na si Larissa habang nasa bungad sila ng simbahan.*

*"Hmph! Pasalamat ka, Ate Larissa, at love lang kita talaga kaya hindi kita mapahindian. Pero kung nagkataon na hindi, nunca mo akong mapagsuot ng ganito. You know naman how I hate wearing dresses… lalo na ang mahabang gown na ito," nagmamaktol na sabi ni Mae.*

*"O siya, sige na. Huwag ka nang sumimangot diyan at pumapangit ka. May ipapakilala pa man din ako sa iyo."*

*Umikot ang mga mata niya. Hindi na talaga nagsawa ang stepsister sa karereto ng kung sinu-sinong lalaki sa kanya.*

*"Hay naku, Ate Larissa! Puwede ba—"*

*Subalit ang anumang sasabihin ng dalaga ay biglang pinutol nang lumapit sa kanila ang isang guwapong lalaki. Nakangiti ito at sa tingin niya ay umabot iyon hanggang sa mga mata nito.*

*Lumitaw ang taglay nitong kakisigan dahil bagay na bagay rito ang suot nitong barong Tagalog.*

*Napangiti si Larissa nang mapatingin sa bagong dating.*

*"Mabuti naman at dumating ka na rin, JM. Kanina pa kita hinihintay pero tamang-tama lamang ang bigla mong pagsulpot," narinig ni Mae na sabi ng bride bago ito tumingin sa kanya. "Mae, siya ang sinasabi ko sa iyong ipapakilala ko sa iyo. Ang bunsong kapatid ng Kuya BJ mo, si John Martin but you can just call him 'JM.' JM, siya naman ang sinasabi ko sa iyong anak ni Tita Mercedes, si Mae."*

*Ngumiti si Mae at umaktong kakamayan ang binata, ngunit ikinagulat niya ang sumunod na ginawa nito.*

*Malapad ang ngiting hinawakan ni JM ang kanyang kamay at pagkatapos ay kumindat ito sa kanya. Hindi pa ito nagkasya sa ginawa nito. Bahagya pa siya nitong hinila palapit bago siya hinapit sa*

*kanyang baywang kaya naman para siyang nakulong sa mga bisig nito.*

*Gusto man niyang pigilan ito ay hindi niya magawa dahil maging siya ay nabilisan sa pangyayari. Pero kung hindi lang pala hanggang doon na lang iyon.*

*Ang sumunod na ginawa ng lalaki ay tunay na nakapagpayanig sa buo niyang katauhan. Sukat ba namang bigla na lang siya nitong hinalikan sa kanyang pisngi!*

*Pakiramdam niya ay umakyat lahat ang dugo niya sa kanyang ulo kaya bago pa niya napag-isipan kung ano ang ginawa niya ay umigkas na ang kanyang kamay.*

*Napabiling ang mukha ng binata nang lumapat sa pisngi nito ang palad niya.*

*"H-how dare you!" malakas na sabi niya, dahilan upang mapatingin sa gawi nila ang lahat ng mga bisitang naroroon.*

*Namula ang mukha ni JM sa pagkapahiya. Naningkit ang mga mata nito sa galit. Subalit bago pa man siya makapagkomento tungkol sa nangyari ay ini-announce na ng wedding coordinator na magsisimula na ang pag-aayos ng pila ng entourage.*

*Hawak pa rin ng lalaki ang nasaktang pisngi nang tumingin ito nang may pagbabanta kay Mae. Waring sinasabi nito sa kanya na:* Hindi pa tayo tapos. *Saka lang ito nagtungo sa puwesto sa pila.*

*Sa kabila ng nangyari ay maayos namang natapos ang seremonya ng kasal. Ngunit sa likod ng mga ngiti ng best man na si JM at maid of honor na si Mae ay may nakatagong nag-aalimpuyong damdamin.*

*Hindi tinantanan si Mae ng panunukso ng mga kapwa niya abay hinggil sa nangyari.*

*"Ikaw, Mae, ah! Ginulat mo kaming lahat kanina. Sukat ba namang bigla mo na lang sinampal si Pogi kanina," ani Karel, isang malapit na kaibigan ni Larissa.*

*"Oo nga, alam mo bang maaaring diyan magsimula iyan? Lalo't marami kaming naririnig mula sa iba pang bisita na bagay na bagay raw kayong dalawa," dagdag ni Melanie.*

*Pinandilatan ni Mae ang mga kausap. "Hah, ang bastos na iyon! Puwede ba, huwag ninyo na ngang mabanggit-banggit sa akin ang pangalan ng lalaking iyon. Akala mo kung sino 'yun."*

*"Ang guwapo naman niya, ah!" reklamo ni Karel.*

*"Ito ang tandaan ninyo, kahit siya na ang kahuli-hulihang lalaki na matira dito sa mundong ito ay nunca na pag-ukulan ko siya ng pansin. Masyadong malakas ang tiwala niya sa sarili," galit pa ring dagdag niya.*

*"Huwag kang magsasalita nang tapos dahil baka dumating ang araw na kakainin mong lahat ang mga sinasabi mong iyan," kantyaw pa rin ni Melanie.*

*Mayamaya pa ay tinawag ang lahat ng mga dalaga dahil magsisimula na ang paghahagis ng bouquet mula sa bride. Pagkatapos na masalo ng kung sinong masuwerteng babae ang bulaklak ay tatawagin naman ang mga binatang bisita para sa garter na ihahagis ng groom.*

*Dahil nga hindi pa naaalis ang inis na nararamdaman ni Mae ay pasimple siyang lumayo sa umpukang iyon. Hindi niya kakayaning makipagsaya sa karamihan lalo't hanggang ngayon ay parang nakikini-kinita pa niya ang nakakalokong ngisi ng lalaki kanina.*

*In a split of second ay naramdaman niya na parang may babagsak sa kanya mula sa kanyang ulunan. On instinct ay bahagya niyang naitaas ang kamay upang salagin kung anuman ang bagay na iyon na maaaring tumama sa kanya.*

*Ganoon na lang ang kanyang panlalambot nang makita niyang hawak-hawak niya ang bulaklak na kanina lamang ay pinakaiwas-iwasan niya.*

*At hindi niya alam kung sinasadya ba talaga ng pagkakataon dahil paglingon niya ay nakita niyang ngising-ngisi si JM habang pinapaikut-ikot nito sa mga daliri ang garter. Ito ang nakasalo niyon nang ihagis iyon ng kapatid nito.*

*Gustong himatayin ng dalaga dahil sa pagkakagulo ng mga bisita. Nais sana niyang takasan ang kinasusuungang sitwasyon, ngunit nang mapatingin siya sa dako na kinauupuan ng kanyang Ate Larissa ay waring nakikiusap ang mga mata nito na para bang nagsasabing sakyan na lang niya ang nagaganap.*

*Wala tuloy siyang nagawa kundi ang magpaubaya nang igiya na siya ng wedding coordinator paupo sa silyang nasa gitna kung saan naghihintay ang nakangisi pa ring si JM.*

*Sigawan ang lahat nang magsimulang itaas ng binata ang garter sa kanyang binti patungo sa hita niya…*

*"Higher, JM!"*

*"Sige pa, itaas mo pa!"*

*Iyon ang malakas na naririnig ni Mae mula sa mga bisitang naroroon. At lalo siyang nairita dahil sa kabila nang pandidilat niya ng mga mata ay waring walang pakialam ang binata na mukhang enjoy na enjoy pa nga sa ginagawa.*

*"A-ano ka ba! Tama na, hanggang diyan lang ang puwede," pagalit niyang bulong sa lalaki dahil pakiramdam niya ay sinasadya nitong galitin siya.*

*Patuloy pa rin nitong itinataas ang garter samantalang nasa hita na niya halos iyon. At hindi niya alam kung imahinasyon lang niya, pero naramdaman niyang bahagya pa nitong hinaplos ang kanyang bilugan at makinis na hita.*

*"Why, hindi ka ba natutuwa at napapaligaya natin ang lahat ng bisita? I'm sure Ate Larissa and Kuya BJ are also happy about this. At isa pa'y ayaw tumigil ng mga bisita sa kasisigaw ng higher. Ayoko namang maparatangan nila akong killjoy," ganting bulong ng binata.*

*Hindi na siya muling kumibo, pero sa sarili ay lihim niyang nahiling na sana ay matapos na kaagad ang mala-bangungot na karanasan niyang iyon. Hindi niya alam kung bakit parang pinanghihinaan siya ng tuhod sa presence ng lalaking ito sa harapan niya. Siya, na itinuturing na lethal and dangerous ng mga halang*

*ang kaluluwa, nanginginig sa takot dahil lamang sa lalaking ito? It did not make any sense pero ganoon ang nararamdaman niya.*

*Nang sabay-sabay na magpalakpakan ang mga panauhin ay nagpasalamat ang dalaga. Nangangahulugan iyon na tapos na rin ang kanyang masamang panaginip.*

*Mabilis siyang tumayo upang makalayo na sa lalaki subalit mabilis siyang pinigilan ni JM, sa utos na rin ng wedding coordinator.*

*At ganoon na lang ang pamumula ng kanyang mukha dahil nagsigawan ang mga tao at humiling ng kiss. Alam niyang bahagi iyon ng tradisyon, at nakakahiya naman sa mga bisita kung mag-iinarte siya sa kasal ng mismong kapatid niya.*

*Muli ay nakita niya ang tinging nakikiusap sa mga mata ni Larissa nang sumulyap siya ulit dito. Pagtingin niya sa gawi ni BJ ay ganoon din ang ipinahihiwatig nito.*

*Walang tigil ang hiyawan at palakpakan ng mga tao. Ang muling pagkakagulo ng lahat ay naging dahilan upang hindi na lalong makaiwas ang dalaga. Alam niyang wala na siyang kawala sa nakatakdang mangyari…*

*"T-tandaan mo, s-sa pisngi lang, ha," banta niya kay JM bagaman nakangiti siya rito nang ubod-tamis kahit peke lamang iyon dahil nga sa kanila nakatingin ang mga bisita.*

*Inilapit ng binata ang labi nito sa kanyang pisngi, subalit nang gagahibla na lamang ang layo nito ay parang may biglang narinig si Mae na tumawag sa kanyang pangalan.*

*Dahil doon ay napabaling ang kanyang ulo. Ganoon na lang ang panlalaki ng mga mata niya dahil ang halik ng binata ay nag-landing sa kanyang mga labi sa buong katuwaan ni JM.*

*Ramdam na ramdam niya nang sinakop ng mga labi nito ang kanyang bibig. Sa katunayan ay pilit pa nitong pinapalalim ang halik sa kabila ng pagpipiglas niya.*

*Wala itong balak na pakawalan ang kanyang mga labi, iyon ang pakiramdam ng dalaga kaya pasimple niyang inilagay ang kanyang kamay sa tagiliran nito at binigyan ito ng pinong kirot.*

*"Aray! Kanina ka pa, ha. Nakakarami ka na. Una ay sinampal mo ako. Ngayon naman ay halos nalapnos ang balat ko dahil sa pangungurot mo," sabi nitong nagtatagis ang mga bagang habang nakangiti rin nang*

*ubod-tamis upang hindi makahalata ang mga tao na galit ito.*

*"Hmph! Iyan ang bagay sa iyo. Masyado na akong nakakahalata sa iyo baka akala mo," ganting sagot niya.*

*Sa kabila ng tahimik na alitan ng dalawa ay matatamis pa rin na ngiti ang ipinagkakaloob nila sa mga bisita kaya naman tuwang-tuwa ang lahat dahil sa inaakalang pagkakasundo nilang mabuti.*

*Malakas tuloy ang ugong ng palakpakan na maririnig sa lugar na iyon kung saan ginaganap ang reception ng kasal nina BJ at Larissa. Walang kamalay-malay ang mga bisita sa namumuong tensyon sa pagitan nina JM at Mae….*

# 2

Bumalik ang isip ni Mae sa kasalukuyan nang tumunog ang cellphone niya. Napakunot ang noo niya dahil hindi pamilyar ang numerong nakarehistro sa screen.

"Hello, sino ito?" tanong niya.

"Malaki na ang atraso mo sa amin, Sgt. de Guia. Sa ginagawa mo ay binibigyan mo lang kami ng malaking dahilan upang ikaw ay aming patahimikin," galit na saad ng taong nasa kabilang linya.

Naalerto siya dahil sa nakapaloob na pagbabanta sa sinasabi ng kausap niya. "Look, kung sino ka man ay hindi ko alam ang pinagsasasabi mo. Wala akong inagrabyadong tao kaya baka nagkakamali ka ng taong tinatawagan. Wala akong atraso kahit kanino."

"Hah! Alam mo bang daang milyon na ang nawawala sa aming organisasyon dahil sa pakikialam ninyo sa aming operasyon? Lagi ninyo na lamang pinanghihimasukan ang lahat ng aming transaksyon—ikaw at ang lintik na Agent XX8 na 'yun!

"Pero kung inaakala ninyong dalawa na ganoon ninyo kami madaling matatalo ay nagkakamali kayo.

At ito ang tandaan mo, pakisabi na rin kay Agent XX8… babayaran ninyo ng bawat patak ng inyong dugo ang bawat sentimo na nawala sa aming samahan dahil sa inyong pakikialam," matigas na sabi nito.

"Kung hindi ako nagkakamali ay mga kasamahan kayo ni Mr. Lim. Kung ganoon ay mas lalong hindi ako dapat matakot sa inyo dahil ang mga katulad ninyo ay mga salot sa lipunan na dapat lamang puksain. Hanggang may nabubuhay na katulad mo, sampu ng iyong mga kasamahan dito sa mundo ay hindi kami titigil nila Agent XX8. Gagawin namin ang lahat mapigil lamang ang paghahasik ninyo ng kasamaan," mahabang litanya ng dalaga.

Sa sarili ay ikinagagalak niyang walang alam ang kung sinumang kausap niya sa tunay na pagkatao ni Agent XX8. Nangangahulugan lamang na lihim pa ring makakakilos ang isa pa niyang katauhan.

"Tsk, tsk, tsk… sayang na katapangan! Ngayon ako naniniwala na wala ka nga palang kinatatakutan. Pero magmula sa araw na ito ay magsimula ka nang magdasal dahil oras na lang ang hinihintay mo… malapit ka na naming ilibing nang buhay."

Iyon lang at nagtatatawa nang nagtatatawa ang lalaking kausap ni Mae. At bago pa man makapagsalitang muli ang dalaga ay pinutol na nito

ang linya.

Ngitngit na ngitngit siya.

“Hah, ang mga duwag na iyon!” aniyang padaskol na inilapag sa dashboard ang telepono.

Kung inaakala ng mga iyon na matatakot siya ng mga ganoong banta, nagkakamali ang mga ito. Nakahanda siya sa mga maaaring mangyari. Walang alam gawin ang mga ito kundi ang magbanta. Sanay na siya sa mga ganoon. Kung talagang balak ng mga itong tapusin siya, bakit hindi siya harapin ng mga ito?

Ang ipinagtataka lamang ni Mae ay kung paano nalaman ng lalaking iyon ang kanyang numero.

Nasa gayon siyang pag-iisip nang muling tumunog ang kanyang cellphone. Nakita niya ang numero ni Dennis sa screen.

“O, Dennis… bakit?”

“H-hello, Mae… m-may katatawag lang sa akin. Death threat. Itatanong ko lang kung—”

“Ha? A-ang ibig mong sabihin, tumawag din sila sa ’yo?”

“Ikaw din? Kabababa ko nga lang ng telepono.

Tinawagan agad kita upang bigyan ka ng babala, iyon naman pala'y....” Narinig niya ang marahas na pagbuga nito ng hangin. “Pinagbabantaan nila tayo, Mae. Kung hindi raw tayo titigil ay—”

“Huwag mong sabihing ngayon ka pa natatakot, Dennis? Kung kailan nasa kamay na natin ang pinakautak ng sindikatong iyan. Mga galamay na lamang ang natitira... at ang pagtawag nila sa atin ngayon ay iisa lamang ang kahulugan: natataranta na sila dahil nawala na ang kanilang pinuno. Kumbaga sa lawin ay nabalian na sila ng pakpak. Kaya hindi ka dapat magpakita ng takot sa mga taong katulad nila.”

“Hindi ako natatakot para sa sarili ko, Mae. Ikaw ang inaalala ko. Ang uunahin daw nilang itumba ay ikaw... at isusunod nila agad si Agent XX8. At marahil ay iisa-isahin na rin kaming mga kasamahan mo pagkatapos.”

“Huwag mo akong alalahanin, Dennis. Gaya ng sinabi ko sa iyo ay palagi naman akong nag-iingat. At huwag mong masyadong intindihin ang pananakot ng mga taong iyon. Ang pagbabanta ay gawain lamang ng mga taong naduduwag. Sa palagay ko'y iyon na lamang ang naiisip nilang paraan dahil nahihirapan na silang kumilos ngayon dahil nga sa pagkakahuli natin kay Mr. Lim.”

"P-pero—"

"Ang ipinagtataka ko lamang ay kung paano nakuha ng mga taong iyon ang mga numero ng ating cellphone," putol niya.

"Alam naman natin kung gaano kadumi magtrabaho ang mga taong iyon. Mag-iingat ka na lang mabuti, Mae," paalala pa rin ni Dennis bago ito nagpaalam.

Batid ni Mae na sa pinasok niyang trabaho ay maaaring malagay ang kanyang buhay sa panganib kaya noong nag-aaral pa siya ay pinaghandaan niyang mabuti ang pagdating ng mga ganitong pagkakataon.

Bukod sa mga trainings niya sa Police Academy ay nag-aral din siya ng martial arts dahil kakailanganin iyon para sa self-defense.

Kahit ang paggamit ng iba't ibang uri ng armas ay buong husay niyang pinag-aralan. At ngayon ay maipagmamalaki niyang hindi siya basta-basta matatalo ninuman kung bilis at husay sa paggamit ng sandata ang pag-uusapan.

Sa katunayan ay very proud ang mga naging trainors at mentors niya hindi lamang dahil sa liksi niyang kumilos kundi dahil na rin sa maabilidad niyang pakikipaglaban.

Sa kanilang departamento naman ay pinangingilagan siya dahil nakita na ng kanyang mga kasamahan kung paano niya pinatutumba ang mga kalaban—may armas man o wala.

Naalala rin niya nang minsang sinabihan siya ng kanyang Ate Larissa na baka raw hindi siya magka-boyfriend dahil natatakot sa kanya ang mga lalaki....

*"Alam mo bang nagsisisi ako kung bakit sinuportahan pa kita sa kagustuhan mong maging isang alagad ng batas? Tingnan mo tuloy, ni walang gustong manligaw sa iyo," anito. "Natatakot yata sa 'yo."*

*"Mas maganda nga iyon, di ba? Walang nangungulit. Saka magiging sagabal lang ang mga lalaking iyan sa aking tungkulin," sagot ni Mae.*

*"Bakit mo naman nasabi iyan? Kung tutuusin ay maaari pa ngang maging inspirasyon mo ang sinumang lalaki na mag-uukol sa iyo ng tapat na pagmamahal…"*

*Umasim ang mukha niya. Nako-corny-han siyang pag-usapan ang mga ganitong bagay. "Basta. Huwag na nga lang iyan ang pag-usapan natin, Ate Larissa. Hindi importante sa akin ang pag-ibig."*

*Napailing si Larissa. "Teka nga pala, naalala ko si Dennis. Matagal ko na siyang nahahalata na may*

*pagtingin sa iyo. Nagtapat na ba siya sa iyo?"*

*"Hay naku, Ate Larissa! Huwag na lang nating pag-usapan ang bagay na iyan. Alam mo namang wala pa talaga sa isip ko ang tungkol d'yan. At kung dumating man ang pagkakataon na iibig ako sa isang lalaki ay kinakailangang makaya niya akong ipagtanggol. Dapat ay mahigitan niya ang aking kakayahan sa pakikipaglaban."*

*"A-aba'y hindi dapat maging ganoon ang iyong pamantayan sa pag-ibig. Paano kung umibig ka sa isang lalaki… pagkatapos ay matuklasan mong hindi siya kasing-husay mo? Wala pala siyang kakayahan na kagaya ng sa iyo. Makakaya mo bang pigilin ang nararamdaman mo dahil lamang doon?" pangungulit pa rin ng stepsister na bagaman walong buwan nang nagdadalang-tao ay magandang-maganda pa rin.*

*"Hindi naman talaga ganoon ang ibig kong sabihin. Kaya lang ay, ewan ko ba. Hindi ko rin maipaliwanag, eh. Hayaan mo, Ate Larissa, kapag dumating na ang oras na may makilala akong lalaki na sinasabi mo ay titingnan ko kung ano ang mangyayari."*

Napailing na lamang ang dalaga sa alaalang iyon.

# 3

"Sir, gaano ka-reliable ang source natin dito?" tanong ni Mae kay Lt. Col. Ricarte.

Kaagad na nagtungo ang dalaga sa tanggapan ng nakatatandang lalaki nang ipatawag siya nito. Di-umano ay may mahalagang bagay itong sasabihin tungkol sa aktibidades ng Blue Marlin Gang.

"According to Mendoza ay isang buwan na siyang nagmamanman sa JMDJ Ferry kaya positive siyang ginagamit ang barkong iyon sa pagbibiyahe ng illegal na droga. Kaya naman ang misyon mo ngayon ay kumalap ng solidong ebidensya." Tumango lang siya. "You and your men have to board that ship to infiltrate into the enemies' camp para makuha natin ang gusto natin at tuloy ay mahuli natin sila sa akto. Magpapanggap kayong mga ordinaryong mga pasahero lamang. At huwag kayong magpapahalata na magkakakilala kayo."

"Nasaan na ngayon, Sir, ang sinasabi ninyong Mendoza? At saka paano namin makikilala ang isa't isa?"

"Doon na kayo magkikita sa barko. I will tell you

all about the details ng misyong ito mayamaya lang. Delikado ang operasyong ito, de Guia, kaya naman ibayong pag-iingat ang nararapat ninyong gawin.

"At ipinapaalala ko sa iyong passenger ship ang JMDJ. Huwag ninyong hahayaang may masaktang civilian in case na magkaroon ng engkuwentro," pahabol pa ng superior.

"Yes, Sir. At huwag kayong mag-alala, gagawin naming lahat ang aming makakaya para sa ikatatagumpay ng misyon naming ito."

Pagkasabi noon ay magalang nang sumaludo si Mae kay Lt. Col. Ricarte bago lumabas ng tanggapan nito.

---

Kasalukuyang pinagmamasdan ni Mae ang malawak na karagatan nang maramdaman niyang may lalaking lumapit sa kanyang kinaroroonan. Tumayo ito sa gawing kanan niya at ginaya nito ang pagkakahawak niya sa barandilya ng barko.

Pagkaraan ng ilang saglit ay bumulong ito; sapat upang marinig niya.

"Bandera ng Pilipinas, sa Kawit iwinagayway…"

Ito ang password na sinabi sa kanya ni Lt. Col.

Ricarte na siyang magiging palatandaan kung paano niya makikilala si Detective Ronnel Mendoza, ang kanilang police asset dito sa barko.

Ang lalaking ito ang nagbigay ng mahahalagang impormasyon sa kanyang superior hinggil sa mga galamay ni Mr. Lim. Di-umano ay naririto sa barko ang ilang matataas pang tauhan na Chinese din at kasalukuyang nagkakalat ng mga ipinagbabawal na gamot.

At upang matiyak ni Ronnel si Mae na nga ang ipinadala ng kanilang departamento ay kailangang sagutin niya ang sinabi ng lalaki: "Huwag hayaang kasarinlan ay manlupaypay."

Pagkarinig niyon ay lumingon ito sa kanya. Ngumiti ito at iniabot ang kamay sa kanya.

"Ikinagagalak ko kayong makilala, Sgt. de Guia. Matagal ko nang naririnig ang tungkol sa iyo. Isa ako sa humahanga sa ipinakikita ninyong dedikasyon sa inyong tungkulin.

"Narinig ko na rin ang tungkol sa inyong kakayahan sa pakikipaglaban kaya nakatitiyak ako na hindi magtatagal ay matatapos din natin nang mas maaga ang misyon nating ito," sabi pa nito.

"Maraming salamat, Mendoza," turan ni Mae

pagkatapos niyang lumingon sa paligid upang makatiyak na silang dalawa lamang talaga ng lalaki ang naroroon sa top deck na iyon ng barko.

Kailangang maging maingat sila dahil maaaring nasa paligid ang mga kalaban at kagaya nila ay nagmamanman at nakikiramdam sa mga taong maaari nilang makasalubong anumang oras.

Ilang sandali pa ay seryoso na ang naging pag-uusap ng dalawang alagad ng batas.

"Kumusta ang pagmamanman mo sa kabuuan ng barko? Do you know who's behind all these? May developments na ba?" tanong ng dalaga sa kanilang asset.

"Dalawa ang may-ari ng barkong ito, magkasosyo ang mga ito. Balita ko'y naging magkaibigan ang dalawa nang kasalukuyang nag-aaral pa ang mga ito sa kolehiyo. Nang maka-graduate ay nagkasundong magsosyo sa ganitong negosyo."

"Ang isa sa kanila ay ang mismong kapitan ng barko. Siya ang namamahala sa pagpapatakbo ng barko bagaman may mga kasamahang mahuhusay ring magpatakbo ng ganitong uri ng sasakyang-pandagat."

"Ang isa naman ay siyang in-charge sa lahat ng

transactions na may kinalaman sa magiging biyahe ng barkong JMDJ… mula sa mga magiging pasahero ng barko hanggang sa kung anu-anong bagahe ang tatanggapin nito para ibiyahe."

"Mas makabubuti siguro kung pareho natin silang susubaybayan upang makatiyak tayo kung sino sa kanilang dalawa ang nasa payroll ng Blue Marlin Gang," ani Mae.

Habang nag-uusap ang dalawang alagad ng batas ay nagkaroon ng pakiramdam ang dalaga na tila may nakatingin sa kanya. Unti-unti niyang iginala ang paningin.

At ganoon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang paglingon niya sa kabilang bahagi ng barko ay makita niya ang taong ni sa panaginip ay hindi niya akalaing makakatagpo sa lugar na iyon.

Maliit talaga ang mundo. Sa dinami-dami ng taong maaaring makita ay ito pang lalaking ito na suko yata hanggang langit ang galit niya.

Puting-puti ang suot nito mula ulo hanggang paa… at aminado si Mae na noon hanggang ngayon ay taglay pa rin nito ang kakisigang nagpapasasal sa tibok ng kanyang puso. Hindi niya mapigilan ang pagsikdo ng dibdib niya.

Pero pilit niyang itinago iyon sa pamamagitan ng paniningkit ng kanyang mga mata lalo na nang makita niyang papalapit sa gawi nila ni Ronnel ang lalaki habang nakapagkit na yata sa mukha ang malapad na pagkakangiti.

"What a small world, Mae. Hindi ko sukat akalaing magkikita tayo rito, of all places. But don't get me wrong, natutuwa ako at muli tayong nagkita," nasisiyahang saad ni JM sa kanya bago tinapunan ng sulyap ang katabi niya.

"Kung ikaw ay natutuwa, puwes, ako'y hindi," bulong ng dalaga.

"Ano 'ika mo? May sinasabi ka ba?" tanong nito habang nagniningning ang mga mata. Natitiyak niyang narinig nito ang ibinulong niya kanina.

"Ah… uhrm… mukhang magkakilala na kayo dati," singit ni Ronnel. "If you'll excuse me, I think I'll go ahead. It was nice meeting you, Miss de Guia."

Iyon lang at tumalikod na ang lalaki bago pa man makapagsalita si Mae. Ngayon ay napagsolo na sila ni JM sa lugar na iyon.

"Sino ang lalaking iyon, Mae? Don't tell me na nagbago ka na ng taste pagdating sa lalaking matitipuhan. Gusto mo na ba ngayon ang mga

lalaking mas may edad kaysa sa iyo?"

"H-hah! Kahit kailan talaga ay marumi ang isip mo! For your information, isa rin siyang pasahero ng barkong ito kagaya ko. We were both fascinated by the beautiful scenery na nakikita namin sa paligid, pero biglang pumangit dahil bigla kang dumating," pagtataray niya na inalis ang tingin dito at bumaling sa dagat.

"Ouch! Ang sakit namang marinig na masama pala sa loob mo ang pagdating ko. Pero nagkakamali ka kung maitataboy mo ako ng mga salitang ganyan. Gusto lang kitang kumustahin. It's been a long time already since we last saw each other," nakatawang sabi ng lalaki na malayo sa sinabi nitong nasaktan ito. "Hindi mo maiaalis sa akin ang matuwa pagkatapos na makita kita rito. And as I can see it, hindi binago ng mahabang panahon ang magaganda mong assets. You are still beautiful. How about you, wala ka bang sasabihin sa akin?" dagdag pa nito.

Dahil stepsister ni Mae ang napangasawa ng kapatid ni JM, alam ng binata na isang alagad ng batas ang kausap.

"At ano naman ang maaari kong sabihin sa iyo? Isa pa'y dapat ba akong magsaya komo nakita kita rito sa barko? That would be the day, Mr. Veneracion."

Binigyan niya ito ng matalim na irap.

"Hmm… galit ka pa pala sa akin hanggang ngayon. I wonder why. Don't tell me after all those years ay masama pa rin ang loob mo because of the kiss we've shared at the wedding… or should I say kisses?"

Awtomatikong namula ang mukha ng dalaga dahil sa sinabi ni JM lalo't nakakaloko pa ang pagkakangisi nito habang nakatingin sa kanya. Waring ikinaaaliw nito ang pagba-blush niya.

"A-ano'ng pinagsasasabi mo diyan? W-wala akong… e-excuse me, but I don't know what you're talking about," kaila niya.

"Don't deny it, Sweetheart. Alam kong natatandaan mo pa rin ang tungkol sa bagay na iyon. Pero kung gusto mong itanggi ay pagbibigyan kita. But the fact that you are blushing ay isa nang malinaw na patunay na naaalala mo pa rin ang mga nangyari noong araw na ikinasal sina Kuya BJ at Ate Larissa.

"Alam mo bang hindi ko na nakalimutan ang araw na iyon? Palagi nga kitang hinahanap kapag may mga gatherings sa bahay nila. One time nga ay napanaginipan ko pang nagkaroon ng continuation ang nangyari noon sa reception," nakakaloko pang

sabi ni John Martin na lalong ikinainis ng babae.

"P-puwede ba, itigil mo na nga ang mga kalokohang pinagsasasabi mo! Hindi ako interesado sa panaginip mo so you better stop talking… or else ay ako naman ang babangungutin sa iyo."

Napahalakhak ito. "Tsk, tsk! Mataray ka pa rin hanggang ngayon. Pero come to think of it, alam mo bang lalo kang gumaganda kapag nagagalit ka? Just look at your face, simpula na ng mansanas ang mukha mo… parang ang sarap kagatin." He added the last phrase in a whisper na lalong nagpainit sa mga pisngi niya.

"I said stop it, Mr. Veneracion! Ano ba talaga ang gusto mo? At saka bakit ka ba naririto? Are you one of the passengers? Don't tell me, you work here?" tanong ng dalaga, hoping against hope na tumigil na ang lalaki sa pag-ungkat sa mga nangyari that day at her stepsister's wedding reception.

Napangiti si JM dahil sa pag-iiba niya ng usapan. "Sorry to disappoint you, but yeah, I work here. At puwede bang tigilan mo ang pagtawag sa akin ng 'Mr. Veneracion.' You know my name, better use it. Mr. Veneracion becomes too irritating especially when it is coming from your lips."

Pagkasabi niyon ay masuyo nitong tinitigan ang mga labi ni Mae, dahilan upang maging eratiko ang tibok ng kanyang puso. The way he looked at her lips made her feel uncomfortable. It was as if his lips were already touching them.

"A-ano namang trabaho ang ginagawa mo rito? Oh, let me rephrase that. May alam ka ba talagang gawin bukod sa pagpapa-cute sa mga babae?"

Naningkit ang mga mata nito . "At ano ang gusto mong ipakahulugan diyan sa mga sinabi mo? Kaming tatlong magkakapatid ay pinalaking responsable ng aming mga magulang. Tinuruan nila kaming magtrabaho. Hindi kami katulad ng ibang mga anak na palagi lamang umaasa sa mga magulang."

Natigilan si Mae. Waring napahiya siya sa sarili dahil sa mga nabitiwang salita sa lalaki lalo at hindi maitago ang paghihinanakit sa mga mata nito.

"I... I'm sorry k-kung offensive ang nasabi ko. But you can't blame me dahil malimit kong marinig noon na happy-go-lucky ka talaga. I never saw you getting involved with your family business unlike your two elder brothers, not to mention your parents."

"That's because I was still too young then… but it doesn't mean I was irresponsible. Isa pa'y may

iba akong gustong gawin. At tungkol doon sa sinabi mong pagpapa-cute ko lamang sa mga babae, I like the sound of it. Does that mean you were jealous? Don’t worry, I prom—”

“T-the nerve! J-jealous! And why would I be jealous? Don’t flatter yourself, Mr. John Martin Veneracion. Hindi kailanman mangyayari na magseselos ako sa iyo at sa mga babaeng lalapit sa iyo.”

“Tsk, tsk! Baka hindi mo mapanindigan ang lahat ng iyan ay mapahiya ka lamang.And one thing more, hindi ba’t sinabi ko sa iyong tigilan mo na ang katatawag sa akin ng ‘Mr. Veneracion?’ Hmm… siguro gusto mo talagang pilitin muna kita bago mo ako tawagin sa aking pangalan. At isa lang ang paraang alam ko para gamitin sa magandang dalagang katulad mo.” Bigla siya nitong hinapit sa baywang.

“A-ano ba! B-bitiwan mo nga ako!”

“Later, kapag tapos na ako sa iyo. Now tatawagin mo ba ako sa pangalan ko… o hahalikan kita uli?” nakakalokong tanong nito bago hinawakan ang kanyang baba.

“N-nalolokо ka na ba? B-bitiwan mo nga ako!”

“Hindi ako nagbibiro, Mae…” seryoso nang sabi

ni JM bago unti-unting inilapit ang mukha sa kanyang mukha.

"P-please, JM… don't do this."

Biglang huminto ang lalaki; mataman siyang tiningnan bago ngumiti nang ubod-tamis. "I do not know kung maiinsulto ako sa iyo, Mae, dahil the last minute ay binanggit mo ang pangalan ko. So wala tuloy akong choice kundi ang itigil ang gagawin ko sanang paghalik sa iyo…"

Nagkibit-balikat ito bago nagpatuloy, "Just the same, natutuwa pa rin ako dahil muli kong narinig ang pangalan ko mula sa iyong mga labi. It really sounds different kapag ikaw ang nagsasabi noon. Pero ito ang tandaan mo, sa sandaling tawagin mo uli ako ng 'Mr. Veneracion' ay hindi mo na ako mapipigilan sa gagawin ko. Lalo't iyon naman talaga ang gusto kong gawin sa iyo kanina pa. For the meantime ay wala akong choice but to settle with this…."

At bigla siya nitong kinintalan ng mabilis na halik sa kanyang mga labi. Saka lamang siya nito binitiwan.

Nanlalaki ang mga mata ni Mae na hindi pa rin nakahuma dahil sa ginawa ng binata. Oo nga't dampi lamang iyon; wala pa nga marahil iyong dalawang segundo. Pero sapat na ang paglalapat na iyon ng

kanilang mga labi upang muli niyang maramdaman ang tila libong boltahe ng kuryente na nanulay sa kanyang buong katawan.

Wala namang kamalay-malay si JM sa kung ano ang nararamdaman niya nang mga oras na iyon.

“By the way, if you need anything ay magpasabi ka lamang sa mga staff and crew ng barko. Just tell them who you are and they would know what to do.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ang binata. “I hope you’ll enjoy your trip.”

# 4

Maagang nagising si Mae nang umagang iyon. Pagdilat ng kanyang mga mata ay saglit siyang nagtaka dahil sa ibang kapaligiran na kanyang namulatan. Pero pagkaraang maalala niya ang dahilan kung bakit siya naroroon ay masigla siyang bumangon. Natitiyak niyang ang iba pa niyang kasamahan ay nagsisimula na sa pagmamanman sa kabuuan ng barko. Kailangan na rin niyang gawin kung ano ang inaasahan sa kanya ni Lt. Col. Ricarte.

Mabilis siyang naligo at pagkatapos ayusin ang sarili ay lumabas na siya ng cabin upang tunguhin ang dining hall.

Naglalakad siya sa pasilyo nang bigla siyang gulantangin ng isang pamilyar na tinig sa kanyang likuran.

"Good morning, Miss Beautiful. I'm glad you're awake. Kanina pa kita hinihintay. Just as I thought, tanghali kang magising. C'mon, I'm starved." Hinawakan nito ang kanyang siko.

"W-wait a minute! S-sinabi ko ba sa iyong hintayin mo ako? At sino ang may sabing gusto kong

sumabay sa 'yong kumain," tanong niya kay JM habang nagpipilit siyang kumawala sa pagkakahawak nito.

Kung hindi niya gagawin iyon ay baka hindi siya makapagpigil na sabihin sa lalaki ang paghangang nadarama pagkatapos niyang mapagmasdan ang hitsura nito ngayon.

Kagaya nang nakaraang araw ay naka-all white ito, ngunit sa pagkakataong iyon ay kapansin-pansin ang iba't ibang accessories na nakakabit sa kasuotan nito.

"Will you please stay put? Hindi ka nga nagpahintay sa akin but just the same, I waited for you because I want you to eat with me. Halika na sa dining hall. Huwag mo akong sisisihin kapag naubusan tayo ng pagkain."

"T-teka nga… B-bakit ba ganyan ang suot mo? Ano ba talaga ang trabaho mo dito sa barko? Don't tell me…"

Ang hinalang nabubuo sa isip ni Mae ay pinutol ng tinig ng mga taong papalapit sa kanila.

"Magandang umaga po, Kapitan," bati ng ilang staff and crew sa loob ng dining hall.

"Magandang umaga rin sa inyo. Please give my guest whatever she wants for breakfast. The usual for me."

Iyon lang at iginiya na ni JM si Mae patungo sa pandalawahang mesa. Wala pa ring kibo ang dalaga dahil hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na ang lalaking ito ang kapitan mismo ng barko.

Lalo siyang nawalan ng kibo nang makita niya ang ilang mga kasamahan niya na hiwa-hiwalay na umookupa sa mga mesang naroroon. Pasimple niyang tinanguan ang mga ito nang bigla siyang gulantangin ng tinig ni JM.

"Cat got your tongue? C'mon, Mae, why the sudden silence? Akala mo ba ay ako pa rin ang itinuturing mong iresponsableng lalaki na sinasabi mo noon?"

"H-how… p-paanong… I mean…" nagtatakang sabi niya pagkatapos bigyan ng huling sulyap ang mga kasamahang nasa di-kalayuan lamang.

"Mga bata pa lang kami ay tinuturuan na kami ng Papa kung paano magpalakad ng negosyo, but I was not interested with what Kuya JC and Kuya BJ are doing dahil noon pa man ay pangarap ko

nang maging kapitan ng barko. I told my parents about my dreams and fortunately, they gave me all their support. So I took up Marine Engineering and Transportation. Pagkatapos ko ng kolehiyo ay ayoko namang mamasukan sa ibang barko so again I talked to my father. I even suggested na mag-put up kami ng sariling shipping lines, but he asked me to get a lot of experience first and to know all the ins and outs of this line of business, so here I am."

Hindi makapagsalita si Mae dahil sa paghangang sumibol sa puso niya.

Nagpatuloy ang binata sa pagkukuwento. "Dapat ay solo ko lang ito pero kinausap ako ng kaibigan kong si Dan Jacinto. He told me na hindi sapat ang hawak niyang pera para magsolo kaya naman pumayag na rin ako nang sabihin niya sa aking magsosyo na lang kami. Pumayag din ang Papa dahil matutulungan daw namin ni Dan ang isa't isa para mas maging mabilis ang pagkatuto naming dalawa. And as far as JMDJ Ferry is concerned, we are doing good."

"At bilang co-owner mo ay ano naman ang pinagkakaabalahan ng sinasabi mong kaibigan?" Ginawa niyang kaswal ang pagkakatanong upang hindi nito mahalata na nangangalap na siya ng impormasyon.

"Well, since ako ang kapitan ng barko, I am the one responsible in bringing the ship to the other parts of the country while Dan takes care of the different transactions na may kinalaman ang barkong ito—mula sa kaliit-liitan hanggang sa malalaking detalye tungkol sa magiging biyahe namin, pasahero, kargada at kung anu-ano pa."

Nang marinig ang salitang 'kargada' ay naging alerto ang dalaga.

"Y-you mean, h-hindi mo pinakikialaman ang listahan ng magiging pasahero ninyo, kung saan ang magiging biyahe ninyo at kung ano ang mga ikinakarga ninyo sa barkong ito?"

"Si Dan na ang bahala sa lahat ng iyan."

"E-eh, p-paano kung magkaroon kayo ng problema sa mga ikinakarga ninyo?" patay-malisyang tanong niya.

"At ano naman ang maaaring maging problema?" Kumunot ang noo nito. "Pero teka, why the sudden interest on how we run this ship?" pagkuwan ay tanong nito na nakahalata na. Naisip nitong umiiral yata ang police instinct ng dalaga kaya naging mausisa siya.

"Ah…eh…wala naman. Kaya lang…"

Ganoon na lang ang pasasalamat ni Mae nang dumating na ang waiter dala ang kanilang pagkain. Naputol nito ang anumang gagawin sana niyang pagkakaila tungkol sa kanyang pagiging matanong.

"Okay, mamaya na lang tayo ulit magkuwentuhan. Nagugutom na talaga ako. Here… tikman mo ang mga pagkaing inihanda ng aming chef dito sa barko. I'm sure you'll love it," sabi ni JM pagkatapos siyang ipaglagay ng pagkain ang kanyang plato.

Ang simpleng gesture na iyon ng binata ay lihim na nagpakilig sa kanyang puso  pero mabilis din niyang sinaway ang sarili. Sinimulan na lamang niya ang pagkain.

Gutom na siya subalit hindi naman siya makakain nang maayos dahil naiilang siya sa ginagawa nitong pagtitig sa kanya … na tila ba binibilang nito ang bawat pagsubo niya ng pagkain at matamang pinag-aaralan ang paraan niya ng pagnguya.

Sa pagitan ng bawat pagsubo nito ng pagkain ay hindi nito inaalis ang pagkakatingin sa kanya.kahit pa nga nang umiinom na ito ng tubig. Alam ng dalaga na sa kanya pa rin nakatuon ang pansin nito mula sa rim ng baso ng tubig na hawak nito.

"W-why, may dumi ba ako sa mukha?" hindi

nakatiis na tanong niya.

“Wala naman, bakit?” kibit-balikat na sagot nito.

“Kung ganoon ay bakit ba tingin ka nang tingin sa akin?” mataray na usisa niya. “Naiilang tuloy ako sa iyo. Hindi ako makakain nang husto. Don’t you know that it’s bad manner to stare?”

“Oh, I’m so sorry. I am not aware na ginagawa ko pala iyon. Well, kung nakikita mong ginagawa ko iyon sa iyo, nangangahulugan lamang na nakatingin ka rin sa akin kanina pa,” may himig panunuksong sagot nito.

“Don’t flatter yourself. At bakit naman kita titingnan? I’d rather look outside, mas magandang makita ang malawak na karagatan,” mataray na saad niya. Sinungaling! sita ng isip niya.

Iyon lang kasi ang alam ng dalaga na panlaban sa lalaki—galit at pagtataray. Lalo’t natumbok nito ang totoo. Hindi nga ba’t halos mapugto ang kanyang hininga kanina nang makita ang kakisigan ni JM?

Maging nang habang kumakain sila ay walang tigil ang tila pagdi-dribble ng kanyang dibdib. Kaya nga nag-aalala siyang baka makahalata na ito na apektado siya ng simple lamang nilang pagkakalapit.

"Ikaw pa rin ang Mae na ipinakilala sa akin ni Ate Larissa dati, mataray ka talaga. At saka ano ba ang masama kung tumingin ako sa iyo. Hindi naman bawal iyon, di ba? Sa katunayan ay binigyan tayo ng Diyos ng mga mata upang matuto tayong mag-appreciate ng maganda. At dahil ikaw lamang ang kaharap ko, natural ay sa iyo ako titingin. Ano naman kaya ang magiging hitsura ko kung kumakain tayong magkaharap pero nakalingon ako sa likod?"

"Hmph, pilosopo! Don't be cute, hindi bagay sa iyo. Hindi rin ako natutuwa sa mga sinasabi mo. One thing more, puwede bang huwag mong magamit-gamit ang pangalan ng Diyos sa pamimilosopo mo. Hindi ka ba kinikilabutan?"

Aliw na aliw si JM na panoorin ang mukha ng dalaga habang nagagalit siya. Sa paningin nito, lalong gumaganda ang kaharap kapag nagba-blush dahil sa galit.

Magsasalita pa sana ang binatang kapitan nang bigla niyang matanawan sa entrada ng dining hall ang kasosyong si Dan Jacinto na palinga-linga. Kinawayan niya ang kaibigan.

Napangiti ang lalaki nang makita nito ang hinahanap.

"Naririto ka lang pala, I've been looking for you everywhere. At ngayon ay hindi na ako nagtataka kung bakit dito ka sa dining hall kumakain at take note, walang pagmamadali sa iyong mga kilos." May himig ng panunukso ang tono nito kay JM bagaman ang mga mata ay naka-focus naman sa dalagang nakaupo.

"Dan, I would like you to meet Mae de Guia. Mae, siya ang sinasabi ko sa iyong kaibigan ko, ang co-owner ng JMDJ Ferry, si Dan Jacinto."

"I'm pleased to meet you, Mae. Ikaw pala ang ikinukuwento sa akin ni JM noong nasa kolehiyo pa kami. Tama nga ang sinasabi sa akin lagi ng kaibigan kong ito. You are indeed a beauty," humahangang sabi ni Dan, sabay abot ng kamay nito sa dalaga.

"T-thank you. Pleased to meet you also," nakangiti namang tugon niya.

Nailang si Mae dahil sa mahigpit na pagkakahawak ng binata sa kamay niya. Bahagya pa nitong pinisil ang kanyang palad kaya naman pasimple niyang binawi iyon, pero sa malas ay tila ba ayaw bitawan iyon ng lalaki.

Nangunot ang noo ni JM habang nakatingin sa magkadaop pa rin nilang mga kamay kaya ang

malambing nitong tinig habang nakikipag-usap sa dalaga kanina ay napalitan nang medyo paangil na boses.

“Ano nga pala ang dahilan at hinahanap mo ako, Dan? By the way, here’s your dessert, Mae.”

Tiningnan ng babae si Dan na waring nagtatanong. “Puwede ko na bang mabawi ang kamay ko at nang maipagpatuloy ko na ang aking pagkain?”

“Oops! I’m sorry,” sabi ni Dan bago dahan-dahang binitawan ang kamay niya. Humila ito ng silya upang makaupo sa tabi nilang dalawa.

“Oo nga pala. Kailangan nating mag-stopover sa Batangas pier. May mga kargo kasi tayong kailangang ibaba doon bago tayo magpatuloy ng pagbibiyahe patungong Cebu. Marahil ay isang buong araw ang kakailanganin para maibaba ang mga iyon. So puwede nating sabihan ang mga pasahero na maaari silang mamasyal doon. They can have their shopping muna sa mga tiangge malapit sa pier,” mahabang paliwanag nito.

Ang kumakaing si Mae ay biglang naging alerto pagkarinig sa mga binanggit ng kaibigan ni JM. May hinala siyang ito na ang ebidensyang kailangan nila lalo pa at sa Batangas pala ang destinasyon ng mga

boxes at crates.

Pasimple siyang lumingon sa mga kasamahang naroroon pa rin sa loob ng dining hall. Kailangang malaman nila kung ano pa ang ibang detalye tungkol.

"By the way, gusto mo bang i-check muna ang mga boxes at crates na ito?" narinig niyang tanong ni Dan sa kaibigan.

"Nai-check mo na naman yata ang mga iyon, di ba? So bakit kailangan ko pang makita? Ikaw talaga ang direktang namamahala pagdating sa mga bagay na ganyan kaya hindi na kailangang tingnan ko pa ang mga iyon," sagot ni JM.

"Ang sa akin lang ay bilang pagbibigay-halaga sa pagiging mag-partner natin kaya gusto ko sanang dalawa tayong tumingin sa mga iyon. Pero kung ganyan palang ipinapaubaya mo na sa akin iyon ay mas mabuti."

"Oo naman. Isa pa'y may tiwala ako sa iyo. Alam kong kayang-kaya mong gawin ang trabaho mo. Kung hindi ako nagkakamali'y ganoon ka rin sa akin, hindi ba?" bale-walang pahayag ng ship captain.

"Aba'y siyempre," nagtatakang sabi ni Dan. Nakakunot ang noo nito dahil marahil sa biglaang pagbabago ng mood ng kaibigan.

“Sige, ako na ang bahalang magsabi sa mga pasahero tungkol sa gagawin nating pag-stopover sa Batangas pier,” sabi nito.

Si JM sa kabilang banda ay hindi rin maintindihan ang sarili kung bakit bigla niyang ikinainis ang hindi pagpapakita ni Mae ng repulsion sa kanyang kaibigan. Lalo nang sinadya ni Dan na tagalan ang pagkakahawak sa kamay nito.

Sa katunayan ay ikinapikon niyang talaga nang makita na mukhang enjoy na enjoy ang babae sa atensyong ibinibigay ng kanyang kaibigan. Hindi niya tuloy napigilan ang sariling mapikon pagkatapos na maipakilala ang dalawa sa isa’t isa.

“O sige, ang mabuti pa siguro’y iwan ko na kayo nang sa gayon ay maipagpatuloy ninyo ang inyong pagkain,” sabi ni Dan pagkatapos mamagitan sa kanilang tatlo ang mahabang sandali ng katahimikan.

Naghihintay si Mae sa kung ano ang isasagot ni JM sa kasosyo. Pero napansin niyang wala pa rin itong kakibu-kibo.

“S-sige, pero teka how about you? Nag-breakfast ka na ba?” pagkuwan ay untag ng babae.

Muling nginitian ni Dan ang dalaga. “Maraming salamat, Miss de Guia…or can I just call you ‘Mae?’”

Nang tumango siya ay tumayo na ito. “O, paano, Pare? Enjoy your meal. See you around, Mae.” Bumaling muli ito sa kapitan. “By the way, JM, don’t forget to tell her about the party.”

Iyon lang at mabilis na itong tumalikod para lumabas sa dining hall. Naiwan ang dalawa na hindi malaman kung sino ang magsisimula ng usapan.

“Ano’ng…”

“Mae…”

Nagkatawanan sila dahil doon.

“S-sige, mauna ka na. Ano ba ang sasabihin mo sana?” ani Mae.

“No, no, no. Ladies first. Ano ba ’yung itatanong mo sana?” usisa ni JM.

“Uhm... itatanong ko sana kung ano ba ’yung party na sinasabi ni… ng kaibigan mo.”

Waring ikinasiya iyon ng binata. Para sa kanya ay hindi masyadong pinag-ukulan ng pagpapahalaga ng dalaga ang kaibigan dahil ni ayaw nitong banggitin ang pangalan nito.

“Birthday kasi ni Dan ngayon kaya naman magkakaroon ng kaunting celebration sa mini-club

ng barko mamayang gabi. I want you to come with me tonight. And I won't accept 'no' for an answer. That's final."

Sa isip ng dalaga ay hindi naman talaga siya tatanggi dahil pakiramdam niya ay roon niya malalaman ang iba pang detalye tungkol sa ibababang kargo sa Batangas. Iyon lang ay wala nang iba pang dahilan.

Sinungaling, ang narinig niyang sabi ng isang bahagi ng kanyang sarili. Bakit hindi mo amining gusto mo talagang makasama ang lalaking iyan nang mas mahaba pang oras?

"Mae, m-may sinasabi ka ba?" nagtatakang tanong ni JM.

"Ah…w-wala. I…I mean, y-yeah. I will be coming with you tonight."

Pagkasabi niyon ay luminga siya sa kinaroroonan ng kanyang mga kasamahan. Kinumpirma niya kung narinig ba ng mga ito ang halos lahat ng napag-usapan sa kanilang mesa. At batay sa reaksyon ng mga ito ay nahinuha niyang positibo ang sagot.

Nagplano siya sa isip, kailangang mapuntahan nila ang bottom deck ng barko. Natitiyak niyang doon nakaimbak ang boxes at crates na binanggit ni Dan

kanina. Kailangang makausap niya si Ronnel.

---

Mabuti na lamang at may naisama si Mae na isang long evening dress sa kanyang maleta nang mag-impake siya ng mga damit na dadalhin niya para sa misyong ito. Maaari niyang magamit ito mamayang gabi.

Ilang saglit pa ay narinig niya ang warning knock mula sa pinto ng kanyang cabin. Ganoon ang usapan nila ni Ronnel na gagawin nito kung sakaling pupuntahan siya nito roon. Nangangahulugan kasi iyon na safe para sa kanilang dalawa ang mag-usap dahil walang tao sa labas.

Kaagad niyang binuksan ang pinto. Isang lingon pa uli ang ginawa ni Ronnel bago pumasok sa loob ng cabin.

“Magandang hapon sa iyo, Sarhento…”

“Shh… ‘Mae’ na lang, Mendoza. Baka kapag nasanay ka sa pagtawag sa akin ng ganyan ay matawag mo akong ‘Sarhento’ kahit sa harap ng ibang tao na naririto sa barko.”

“Ah sige, a-ano ba ang mahalagang bagay na sasabihin mo sa akin?” pagkuwan ay tanong nito.

"Ganito kasi iyon…."

At inilahad ni Mae ang lahat ng napag-usapan nina JM at Dan tungkol sa mga kargong kailangang idaan ng barko sa Batangas.

"Hmm... sa tingin ko ay tama ka. Nasa bottom deck nga marahil ang mga boxes at crates na sinasabi mo kasama ang iba pang kargo na pag-aari ng maraming pasahero na naririto."

"Yeah, kaya nga tamang-tama dahil may birthday party ang isa sa may-ari mamaya. Kapag busy na sila sa party ay puwede na akong tumalilis upang mapuntahan natin ang bottom deck para makapag-imbestiga."

"Naku, huwag ka nang sumama, Mae. Imbitado ka sa party kaya't natitiyak kong hahanapin ka ng dalawang iyon kung sakaling matagal kang mawawala."

"Kung sabagay ay may katuwiran ka diyan, Mendoza. Bueno, bago kayo pumunta ng bottom deck ay magpakita muna kayo sa akin… kahit ikaw lang. Para naman kahit papaano ay makalkula ko kung gaano katagal bago kayo makabalik."

"Sige, kaya lang ay gusto sana kitang paalalahanan bago ako lumabas."

"T-tungkol saan?"

"Mag-iingat ka sanang mabuti sa dalawang may-ari ng barkong ito. Iba ang pakiramdam ko sa kanila. Parang hindi totoo ang kabaitang ipinapakita nila sa ibang tao, may kutob akong mayroon silang itinatago tungkol sa kanilang pagkatao, lalung-lalo na 'yung Dan Jacinto."

"Ha? B-bakit? Ano ba ang naoobserbahan mo sa kanila?" di-makapaniwalang tanong ni Mae.

Gustong tumutol ng kanyang kalooban sa sinabi ni Ronnel. Si JM, may lihim ang pagkatao? Hindi ba't kilala sa lipunan ang pamilyang kinabibilangan nito? Magaling na doktor ang ama nitong si Ariel Veneracion. Sa katunayan ay ito rin ang tumatayong direktor sa ospital na pag-aari rin nila, ang Veneracion Medical Center o VMC. Si Lizbeth Montelibano na isang magaling na businesswoman ang napangasawa nito. Pulos mahuhusay na negosyante rin ang mga kapatid ni JM. Kabilang na ang kanyang bayaw na si BJ na kilala niyang napakabuting tao.

Tapos ngayon ay sasabihin ng police asset na nakakapagduda ang pagkatao nitong si JM. Parang mahirap paniwalaan iyon para sa kanila.

Kunsabagay, hindi naman porque ganoon ang

mga magulang at mga kapatid ay hindi na maaaring maiba ang ang binata. It doesn't follow. At aaminin niyang hindi niya talaga ito kilala nang lubos.

Hindi niya dapat pairalin ang damdaming lubos na humahanga sa lalaking iyon. Ang dapat manaig sa kanya ngayon ay ang pagiging mahusay niyang imbestigador. Siya si Agent XX8. Kayang-kaya niyang alamin kung may batayan ang pagdududa ni Ronnel kay JM.

"Sige, Mendoza, salamat sa paalala mo. Hayaan mo't sisikapin kong alamin ang katotohanan sa likod ng pagkatao nina Dan Jacinto at John Martin Veneracion," sabi niya.

Mataman siyang tiningnan ni Ronnel… na waring inaarok ang kaseryosohan niya sa kanyang sinabi rito.

Pagkuwan ay nakangiti itong sumaludo sa dalaga bago lumabas ng cabin niya.

---

Naglalagay pa ng makeup si Mae nang marinig niya ang mahinang pagtawag ni JM sa labas ng kanyang cabin bago pa man ito kumatok ng pinto.

Hahayaan na lang sana niyang maghintay ito sa

labas kaya lang ay nag-alala siyang mabulahaw ang ibang pasahero na nagpapahinga na sa kani-kanilang cabin. Napilitan tuloy siyang pagbuksan ang binata.

“Bakit ba ang tagal mong magbukas ng pinto? Kanina pa ako kumakatok, ah,” reklamo nito.

“Sana nga lang ay marunong kang umintindi o dili kaya ay nakahalata ka na marahil ay hindi pa ako tapos mag-ayos kaya hindi pa ako lumalabas. And knowing you, patience is not one of your virtues. Anyway, halika muna sa loob. Three more minutes and I’ll be ready.”

“Ano pa ba kasi ang dapat mong ilagay sa mukha mo? You look fine. In fact, you are truly gorgeous,” humahangang saad nito, totally ignoring the sarcastic comments na sinabi niya tungkol dito.

Hindi makapagsalita si Mae. Hindi niya alam kung papaano sasagutin ang sinabi nito. Lalo’t heto na naman ang lalaki sa mapang-akit na titig nito sa kanya. Kaya imbis na ituloy ang pagme-makeup ay dinampot na lamang niya ang kanyang purse at niyaya ito palabas ng kanyang cabin.

“H-halika na kung ganoon. Baka may makaalam pa na naririto ka sa loob ng aking cabin ay kung ano pa ang isipin nila.”

Nagpatiuna na siya sa paglabas ng cabin bago pa man makapag-react ang binata. Subalit bago siya tuluyang  makalabas ay naramdaman niya ang mahigpit na pagkakahawak nito sa kanyang braso.

Hindinagsasalita si JM; basta lamang nakatingin sa kanya. Mayamaya pa ay marahan na nitong hinahaplos ang kanyang pisngi hanggang sa umabot ang daliri nito sa mga labi niya.

“W-what do you think y-you’re doing? I... I said let’s…”

“Shh... maaga pa naman. Kung ako nga lang ang masusunod ay mas gusto kong dito na lang tayo sa loob ng cabin mo. But I know that Dan will be waiting for us. For the meantime ay hayaan mo munang pagmasdan ko ang mga pagbabagong naganap sa iyo since the last time we saw each other,” anas nito habang patuloy sa paghaplos sa mukha niya. Hindi siya nakakilos sa kabiglaanan. “Hmm... as silky as ever…” patungkol nito sa kanyang pisngi. Namula siya nang marahan nitong dinampian iyon ng halik.

Para siyang itinulos sa kanyang kinatatayuan nang unti-unti nitong inilalapit ang mukha sa kanya. At batid niyang kung hindi niya ito pipigilan ay hahalikan siya nito sa labi.

"W-wait…" Ngunit bago pa man niya maisatinig ang pagtutol ay may narinig silang mga yabag na paparating kaya sabay silang napalingon sa pinanggalingan niyon.

Nakita nila ang isang pareha na biglang napatingin sa gawi nila, dahilan upang matigil ang wari ay pagbibiruan ng mga ito habang naglalakad na magkahawak-kamay.

Pagkalampas sa kanila ng dalawa ay kaagad na pinalis ni Mae ang mga kamay ng binata na nakahawak pa rin sa kanya.

"T-tayo na. Akala ko ba'y nainip ka sa paghihintay sa akin?"

"Thank your lucky star, Sweetheart. But next time, you won't get away from me that easy," sabi ni JM, may determinasyon sa tinig. "That's a promise. C'mon."